


# Hello mula sa NEW ZEALAND!

*Alamin ang tungkol sa mga anak ng Ama sa Langit sa buong mundo.*




Ang New Zealand ay isang bansang isla sa Pacific Ocean. Mga 5 milyong tao ang naninirahan doon.

## MGA PENGUIN

Ang pinakamaliit na penguin sa mundo, ang maliit na blue penguin, ay naninirahan sa New Zealand at Australia. Marami pang ibang mga penguin na naninirahan din sa baybayin ng New Zealand!




## NEW ZEALAND CHRISTMAS TREE



Ang pōhutukawa tree ay may mga pulang bulaklak na namumukadkad lamang sa panahon ng tag-init sa Kapaskuhan. Ginagamit ng mga tao ang mga bulaklak para magdekorasyon sa Pasko.

## MGA WIKA

Ang mga opisyal na wika ng New Zealand ay English, Māori, at New Zealand Sign Language. Māori ang wika ng mga unang taong dumating sa New Zealand.






**TIP PARA SA KALUSUGAN**

## PRUTAS


Ang mga prutas ay may mahahalagang bitaminang kailangan mo araw-araw. Kumain ng prutas sa bawat pagkain para manatiling malusog. Masarap ding meryenda ang prutas!





## HĀNGĪ

Kung minsa'y niluluto ng mga Māori ang kanilang pagkain sa isang hāngī. Naglalagay sila ng mga basket ng karne at gulay sa ibabaw ng mainit na mga bato sa isang hukay sa lupa. Pagkatapos ay tinatakpan nila ito at hinahayaan itong maluto.



## MGA TEMPLO



Ang New Zealand ay may isang templo, at may dalawa pang itinatayo! Ang Hamilton New Zealand Temple ang unang templong itinayo sa katimugang bahagi ng mundo.

MGA LARAWANG-GUHIT NI NATALIE BRISCOE

**AKTIBIDAD**

## PAGHABI NG FLAX



Ang mga taong Māori ay naghahabi ng mga dahon para gumawa ng sining. Maaari kang gumawa ng sarili mong hinabing sining gamit ang papel!

1. Itupi sa gitna ang dalawang pirasong papel. Pagkatapos ay gumuhit ng mga linya na pare-pareho ang agwat sa bawat papel.
2. Gupitin ang mga linya sa unang papel, simula sa tupi. Tumigil sa paggupit bago ka makarating sa dulo. Sa pangalawang papel, gupitin ang mga linya para makagawa ng mga strip.
3. Iladlad ang unang papel. Maglusot ng isang strip ng papel sa mga hiwa, at ipasok ito sa ibabaw at sa ilalim. Gawin din ito sa iba pang mga strip ng papel.

**RESIPE**

## PAVLOVA

Gustung-gustong kainin ng mga tao sa New Zealand ang panghimagas na ito para sa Pasko!

**Siguraduhing magpatulong sa isang adult!**

1. Magbati ng **4 na puti ng itlog** hanggang sa maging malambot na bula ang mga ito. Dahan-dahang maghalo ng **1 tasang asukal** hanggang sa tumigas ang mga bula.
2. Maghalo ng **1/2 kutsarang cornstarch, 1 kutsaritang sukang puti**, at **1 kutsaritang vanilla**.
3. Takpan ng baking paper o foil ang isang cooking sheet at ibuhos dito ang pinaghalong mga sangkap. I-bake sa 275°F (135°C) nang 1 oras. Patayin ang apoy at iwanan ito sa oven hanggang sa lumamig.
4. Lagyan sa ibabaw ng **whipped cream** at **sariwang prutas**.

